Republic of the Philippines

**Department of Education**

REGION X – NORTHERN MINDANAO

**SCHOOLS DIVISION OF EL SALVADOR CITY**

**Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan**

Abril 6, 2022

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 152, s. 2022

**PROGRAMANG E-SALIKSIK SA FILIPINO: MGA ISYUNG PAMFILIPINO SA EDUKASYON**

Para sa: **Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan**
**Hepe, CID**
**Mga Tagamasid Pansangay**
**Tagamasid Pampook**
**Mga Punongguro ng Paaralang Elementarya at Sekundarya**
**Lahat ng mga Guro**
**Lahat ng mga Kinauukulan**
Sa Sangay na ito

1. Bilang tugon sa programang Filipino E-Taguyod: Pambansang Programa ng Filipino sa Edukasyon ay isinagawa ang programang E-Saliksik sa Filipino: Mga Isyung PamFilipino sa Edukasyon upang matukoy ang mga tiyak na suliranin na marapat tugunan sa larang ng Filipino.

2. Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran OUCI-2022-00101 para sa buong detalye.

3. Ang gawaing ito ay sumusunod sa Pantay na Prinsipyo ng Pagkakataon (*Equal Opportunity Principle*) kung saan walang diskriminasyon ayon sa gulang, kasarian, pagkakakilanlan, oryentasyong sekswal, katayuang sibil, kapansanan, relihiyon, lahi, o kaakibat na politikal.

CID/gcel

Address: Zone 3, Poblacion, El Salvador City |Tel. No. (088) 555-0475
Website: www.depedelsalvadorcity.net |Email: elsavador.city@deped.gov.ph

4. Ang daglian at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito ay inaasahan.

**OLGA C. ALONSABE, PhD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects

FILIPINO E-Saliksik

CID/gcel

Republika ng Pilipinas

# Kagawaran ng Edukasyon

## PANGALAWANG KALIHIM NG KURIKULUM AT PAGTUTURO

26 MAR 2022
TIME: 4:20 pm
457386

**MEMORANDUM**
**DM-OUCI-2022 - 00101**

| | | |
|---|---|---|
| **PARA SA/ SA MGA** | : | **MINISTRO, MINISTERYO NG BATAYAN, MAS MATAAS AT TEKNIKAL NA EDUKASYON NG BARMM**<br>**PANREHIYONG DIREKTOR** |
| **MULA KAY** | : | **DIOSDADO M. SAN ANTONIO**<br>Pangalawang Kalihim |
| **PAKSA** | : | **PROGRAMANG E-SALIKSIK SA FILIPINO: MGA ISYUNG PAMFILIPINO SA EDUKASYON** |
| **PETSA:** | : | **Marso 22, 2022** |

Bilang tugon sa programang Filipino E-Taguyod: Pambansang Programa ng Filipino sa Edukasyon, isinagawa ang programang E-Saliksik sa Filipino: Mga Isyung PamFilipino sa Edukasyon upang matukoy ang mga tiyak na suliranin na marapat na tugunan sa larang ng Filipino. Inilunsad ang programang ito sa pamamagitan ng sumusunod na mga memorandum pangkagawaran:

| **Memorandum** | **Pamagat** | **Petsa** |
|---|---|---|
| DM-OUCI-2021-00-216 | Panawagan sa mga Gurong Mananaliksik sa Filipino para sa Programang Filipino E-Taguyod | Hunyo 7, 2021 |
| DM-OUCI-2021-00-239 | Konsultatibong Pulong Hinggil sa Gawaing E-Saliksik sa Filipino | Hunyo 24, 2021 |
| DM-OUCI-2021-00-285 | Kahilingan para Maging Kalahok na mga Mananaliksik sa E-Saliksik sa Filipino: Mga Isyu sa Pagtuturo ng iba pang Asignatura Gamit ang Filipino | Hulyo 12, 2021 |
| DM-OUCI-2021-00-295 | Mga Gawain at Kuwalipikadong Kalahok Kaugnay sa E-Saliksik sa Filipino: Mga Isyung PamFilipino sa Edukasyon | Hulyo 27, 2021 |
| DM-OUCI- | Mga Gawain Kaugnay sa E-Saliksik sa | Agosto 9, 2021 |

OFFICE OF THE UNDERSECRETARY FOR CURRICULUM AND INSTRUCTION
Department of Education, Central Office, Meralco Avenue, Pasig City
Tel. No.: +632 8633-7702/8687-4146; Fax: +632 8631-5057
Email.: ouci@deped.gov.ph

Republika ng Pilipinas

# Kagawaran ng Edukasyon

## PANGALAWANG KALIHIM NG KURIKULUM AT PAGTUTURO

| | | |
|---|---|---|
| 2021-00-328 | Filipino" Mga Isyung PamFilipino sa Edukasyon | |

Samantalang, itinatakda ng mga memorandum na ito ang proseso ng pagpapatupad sa unang programa ng programang Filipino E-Taguyod-ang Filipino E-Saliksik. Bilang pagpapatuloy, ipinababatid ang mga kasunod na mga hakbang sa pagpapatupad ng Filipino E-Saliksik sa taong ito:

| **Gawain** | **Petsa ng Pagpapatupad** | **Kasangkot** |
|---|---|---|
| Pagpapalaot ng mga talatanungan (nabalideyt at inaprubahan ) | Abril 4-8, 2022 | RO/SDO/ Paaralan |
| Pangangalap ng mga resulta | Abril 25-29, 2022 | RO/SDO/ Paaralan |
| Palihan sa pagbuo ng analisis | Mayo 2-6, 2022 | CO/ Mananaliksik |
| Pagsasapinal ng Nabuong Pananaliksik | Hunyo 6-10, 2022 | Mananaliksik |
| Presentasyon sa resulta ng mga pananaliksik | Hunyo 27-29 2022<br>Hunyo 27- Luzon<br>Hunyo 28- Visayas<br>Hunyo 29- Mindanao Cluster | Ispesyalista ng Filipino ng CO<br>Panrehiyong Tagamasid ng Filipino<br>Pansangay na Tagamasid ng Filipino<br>Mananaliksik |

Kaya naman, umaapela kami sa lahat ng mga tanggapan at paaralan ng kagawaran na bigyang suporta ang mga mananaliksik na kinatawan ng inyong mga rehiyon na nasa Annex A ng memorandum na ito sa buong proseso ng kanilang pananaliksik mula sa pagpapalaot ng mga talatanungan hanggang sa pangangalap ng datos. Ang resulta ng kanilang saliksik ay malaking kontribusyon upang mabuo ang Programang Filipino E-Taguyod: Pambansang Programang PamFilipino sa Edukasyon.

Anomang katanungan, maaaring makipag-ugnayan kay Gaudencio Luis N. Serrano, Tagamasid ng mga Programang PamFilipino ng Kawanihan ng Linangan sa Pagkatuto sa kaniyang email na gaudencio.serrano@deped.gov.ph

OFFICE OF THE UNDERSECRETARY FOR CURRICULUM AND INSTRUCTION
Department of Education, Central Office, Meralco Avenue, Pasig City
Tel. No.: +632 8633-7702/8687-4146; Fax: +632 8631-5057
Email.: ouci@deped.gov.ph